# Pagaayuno Yugto 7

Ang Banal na Kasulatan sa Bibliya ay nagsasabi ng higit tungkol sa layunin ng pagaayuno. Sa pagbabasa at pagninilay sa mga ito sa gayon ating maiilapat ito sa ating buhay.

"15 At pinisan ko sila sa ilog na umaagos patungo sa Ahava; at doo'y nangagpahinga kaming tatlong araw; at aking minasdan ang bayan at ang mga saserdote, at walang nasumpungan doon sa mga anak ni Levi. 16 Nang magkagayo'y ipinasundo ko si Eliezer, si Ariel, si Semaias, at si Elnathan, at si Jarib, at si Elnathan, at si Nathan, at si Zacarias, at si Mesullam, na mga pangulong lalake; gayon din si Joiarib, at si Elnathan, na mga tagapagturo. 17 At aking sinugo sila kay Iddo na pangulo sa dako ng Casipia; at aking sinaysay sa kanila kung ano ang kanilang nararapat sabihin kay Iddo, at sa kaniyang mga kapatid na mga Nethineo, sa dako ng Casipia, upang sila'y mangagdala sa atin ng mga tagapangasiwa sa bahay ng ating Dios. 18 At ayon sa mabuting kamay ng ating Dios na sumasa atin ay nagdala sila sa atin ng isang lalake na matalino, sa mga anak ni Mahali, na anak ni Levi, na anak ni Israel; at si Serebias, pati ng kaniyang mga anak na lalake at mga kapatid, labing walo: 19 At si Hasabias, at kasama niya'y si Isaia sa mga anak ni Merari, ang kaniyang mga kapatid at kaniyang mga anak na lalake, dalawang pu; 20 At sa mga Nethineo, na ibinigay ni David at ng mga pangulo sa paglilingkod sa mga Levita, dalawang daan at dalawang pung Nethineo; silang lahat ay nasasaysay ayon sa pangalan.21 Nang magkagayo'y nagtanyag ako ng ayuno doon, sa ilog ng Ahava, upang tayo'y magpakababa sa harap ng ating Dios, upang humanap sa kaniya ng matuwid na daan, sa ganang atin, at sa ating mga bata, at sa lahat ng ating pag-aari. 22. Sapagka't ako'y nahiyang humingi sa hari ng pulutong ng mga sundalo, at ng mga mangangabayo upang tulungan tayo laban sa mga kaaway sa daan: sapagka't aming sinalita sa hari, na sinasabi, Ang kamay ng ating Dios ay sumasa kanilang lahat na humahanap sa kaniya, sa ikabubuti; nguni't ang kaniyang kapangyarihan at ang pagiinit ay laban sa kanilang lahat na nagpapabaya sa kaniya. 23 Sa gayo'y nangagayuno tayo at nagsidalangin sa ating Dios dahil dito: at dininig niya tayo.24 Nang magkagayo'y inihiwalay ko ang labing dalawa sa mga puno ng mga saserdote, sa makatuwid baga'y si Serebias, si Hasabias, at sangpu sa kanilang mga kapatid na kasama nila. 25 At tinimbang sa kanila ang pilak, at ang ginto, at ang mga sisidlan, sa makatuwid baga'y ang handog sa bahay ng ating Dios, na pinaghandugan ng hari, at ng kaniyang mga kasangguni, at ng kaniyang mga prinsipe, at ng buong Israel na nakaharap doon: 26 Akin ngang tinimbang sa kanilang kamay ay anim na raan at limang pung talentong pilak, at mga pilak na sisidlan ay isang daang talento: sa ginto ay isang daang talento; 27 At dalawang pung mangkok na ginto, na may isang libong dariko; at dalawang sisidlan na pinong makinang na tanso, na halagang gaya ng ginto. 28 At sinabi ko sa kanila, Kayo'y banal sa Panginoon, at ang mga sisidlan ay natatalaga; at ang pilak at ang ginto ay kusang handog sa Panginoon, na Dios ng inyong mga magulang. 29 Magsipagbantay kayo, at ingatan ninyo, hanggang sa inyong matimbang sa harap ng mga puno ng mga saserdote, at ng mga Levita, at ng mga prinsipe ng mga sangbahayan ng mga magulang ng Israel, sa Jerusalem, sa mga silid ng bahay ng Panginoon. 30 Sa gayo'y tinanggap ng mga saserdote at ng mga Levita ang timbang ng pilak at ginto, at ng mga sisidlan, upang dalhin sa Jerusalem, sa bahay ng ating Dios.31 Nang magkagayo'y nagsiyaon tayo mula sa ilog ng Ahava, nang ikalabing dalawang araw ng unang buwan, upang pumaroon sa Jerusalem: at ang kamay ng ating Dios ay sumaatin, at iniligtas niya tayo sa kamay ng kaaway at sa bumabakay sa daan. 32 At tayo ay nagsidating sa Jerusalem, at nagsitahan doon na tatlong araw.33 At nang ikaapat na araw, ang pilak at ang ginto at ang mga sisidlan ay natimbang sa bahay ng ating Dios sa kamay ni Meremoth na anak ni Urias na saserdote (at kasama niya si Eleazar na anak ni Phinees; at kasama nila si Jozabad na anak ni Jesua, at si Noadias na anak ni Binnui, na mga Levita) 34 Ang kabuoan sa pamamagitan ng bilang, at ng timbang: at ang buong timbang ay nasulat nang panahong yaon." (Ezra 8:15-34)

Sa panahon ni Ezra, habang ang bayan ng Diyos ay naitapon at naghahanda sa pagbabalik at maibalik sa kanilang lupain sa Juda, gaya ng atin binasa, maraming tulong ang naibigay sa pagkukumpuni ng bahay ng Diyos sa Jerusalem. Sinuri ni Ezra ang buhay at gawain ng mga pari sa bayan ng Diyos. Napansin niya ang kakulangan ng mga Levita na responsable upang alalayan ang mga pari sa pagbibilang at pagdadala ng lahat ng mga handog at tulong na ginawa sa bahay ng Diyos. Natuklasan niya ang kawalan ng mga Levita upang magbantay at mangalaga sa mga handog at tulong hanggang ang mga ito'y dalhin sa silid ng bahay ng PANGINOON sa Jerusalem, sa harap ng pangunguna ng mga pari at mga Levita at ng mga pangulo ng pamilya ng Israel. May mga pari kasama ni Ezra ngunit walang Levitang tumutulong sa kanila, kaya ito'y hindi posible ipagpatuloy ang gawain ng Diyos maliban kung ang mga Levita ay handa para sa gawain. Ang mga Levita ay maaring kumakatawan ngayon sa Kristiyanong manggagawa na itinalaga ang kanilang buhay upang mabuhay sa kabanalan na kalakip sa Diyos at nalulugod na maglingkod sa Panginoon at lumakad sa Kanyang mga paraan at upang alalayan ang gawain ng Diyos upang magpatuloy.

Sa parehong paraan ngayon tinatawag ng Diyos ang bawa't isa sa inyo na tumanggap kay Jesus bilang Tagapagligtas at Panginoon sa iyong buhay upang ibigay ang iyong sarili na mabuhay ng Banal at umalis mula sa kasalanan at katamaran at umalis mula sa kawalan ng pangako at lumapit sa Panginoon, at italaga ang iyong buhay sa Kanya, at simulang maglingkod sa Kanya at gawin ang Kanyang gawain at mkamit ang Kanyang kalooban sa iyong buhay at sa buhay ng mga taong nakapaligid sayo at nasa ilalim ng iyong pangangalaga.

Si Ezra ay hindi makagalaw sa Kanyang misyon maliban na lamang kung udyukan at pakilusin ang mga Levita at gawin silang masangakot muli sa paglilingkod sa Diyos. Pagkatapos sa kadahilang ito ginawa ni Ezra ang sumusunod: "15 At pinisan ko sila sa ilog na umaagos patungo sa Ahava; at doo'y nangagpahinga kaming tatlong araw; at aking minasdan ang bayan at ang mga saserdote, at walang nasumpungan doon sa mga anak ni Levi. 16 Nang magkagayo'y ipinasundo ko si Eliezer, si Ariel, si Semaias, at si Elnathan, at si Jarib, at si Elnathan, at si Nathan, at si Zacarias, at si Mesullam, na mga pangulong lalake; gayon din si Joiarib, at si Elnathan, na mga tagapagturo. 17 At aking sinugo sila kay Iddo na pangulo sa dako ng Casipia; at aking sinaysay sa kanila kung ano ang kanilang nararapat sabihin kay Iddo, at sa kaniyang mga kapatid na mga Nethineo, sa dako ng Casipia, upang sila'y mangagdala sa atin ng mga tagapangasiwa sa bahay ng ating Dios. 18 At ayon sa mabuting kamay ng ating Dios na sumasa atin ay nagdala sila sa atin ng isang lalake na matalino, sa mga anak ni Mahali, na anak ni Levi, na anak ni Israel; at si Serebias, pati ng kaniyang mga anak na lalake at mga kapatid, labing walo: 19 At si Hasabias, at kasama niya'y si Isaia sa mga anak ni Merari, ang kaniyang mga kapatid at kaniyang mga anak na

lalake, dalawang pu; 20 At sa mga Nethineo, na ibinigay ni David at ng mga pangulo sa paglilingkod sa mga Levita, dalawang daan at dalawang pung Nethineo; silang lahat ay nasasaysay ayon sa pangalan." (Ezra 18:15-20) Kumilos si Ezra kasama ng Banal na Espiritu upang pakilusin ng mga tao at dalhin sila pabalik upang maglingkod sa Panginoon. Habang si Ezra at ang mga tao na kasama niya ay kumilos upang gumawa sa bahay ng Diyos at itayo ang Kanyang simbahan ang kamay ng Diyos ay sumasa kanila at binigyan sila ng tagumpay ng Diyos upang makita at makahikayat ng tamang tao upang gumawa ng gawain ng Diyos gaya ng ating babasahin Dito: "18 At ayon sa mabuting kamay ng ating Dios na sumasa atin ay nagdala sila sa atin ng isang lalake na matalino, sa mga anak ni Mahali, na anak ni Levi, na anak ni Israel; at si Serebias, pati ng kaniyang mga anak na lalake at mga kapatid, labing walo: " (Ezra 8:18)

Bilang simbahan kailangan nating gawin kung anong ginawa ni Ezra. Kailangan nating pakilusin ang mga tao, at ikaw sa kanila, at itaguyod mo at pakilusin ang iba upang maglingkod sa Diyos at gawin ang Kanyang gawain, at sa paggawa nito, ang kamay ng Diyos ay sasa atin upang makita ang tamang mga tao sa kung saan tinawag ng Diyos upang maglingkod sa Panginoon kasama natin.

Ang mga Levita at ang katawan ng mga manggagawa ay tumugon sa tawag ng Diyos at sila'y handang bumalik at maglingkod sa Diyos. At habang sila'y tumugon sila'y pinalaya mula sa pagpatapon at pinabalik sa Jerusalem. Sa parehong paraan, kailangan mong maunawaan na habang itinalaga mo ang iyong sarili upang maglingkod sa Diyos, ang iyong sarili ay makakalaya mula sa pagkaalipin at ikaw ay matutulungan at pagpapalain ng Panginoon. At sa iyong desisyon ikaw ay magiging tulong sa iba sa pagliligtas sa kanila at akayin sila sa tamang daan ng buhay.

Si Ezra din ay gumawa ng iba pa bago niya sinimulan ang kanyang misyon na gawain: "21 Nang magkagayo'y nagtanyag ako ng ayuno doon, sa ilog ng Ahava, upang tayo'y magpakababa sa harap ng ating Dios, upang humanap sa kaniya ng matuwid na daan, sa ganang atin, at sa ating mga bata, at sa lahat ng ating pag-aari. 22 Sapagka't ako'y nahiyang humingi sa hari ng pulutong ng mga sundalo, at ng mga mangangabayo upang tulungan tayo laban sa mga kaaway sa daan: sapagka't aming sinalita sa hari, na sinasabi, Ang kamay ng ating Dios ay sumasa kanilang lahat na humahanap sa kaniya, sa ikabubuti; nguni't ang kaniyang kapangyarihan at ang pagiinit ay laban sa kanilang lahat na nagpapabaya sa kaniya. 23 Sa gayo'y nangagayuno tayo at nagsidalangin sa ating Dios dahil dito: at dininig niya tayo."(Ezra 8:21-23) Ipinahayag ni Ezra ang pananalangin at pagaayuno bago niya simulan ang kanyang paglalakbay kasama ng mga tao na kasama niya pabalik sa Jerusalem. Sa parehong paraan, ang pananalangin at pagaayuno ay dapat magkaroon ng tunay na lugar sa ating gawain. Sa pamamagitan ng pananalangin at pagaayuno ating ipapahayag na ang mapagpalang kamay ng Diyos ay sumasa atin na nakatingin sa KANYA.

Si Ezra nang kanyang pinangunahan ang bayan ng Diyos mula sa pagkatapon sa Lupang Pangako, hinarap niya ang malaking hamon, ang mahabang paglalakbay kasama ng mga tulisan at panganib sa daan. Dahil dito, mayroon siyang dalawang pagpipilian, alinman na kanyang hihingin sa hari ng Persia ang mga sundalo at mangangabayo o siya'y aasa sa Diyos para sa gawain. Sa paghahati ng dalawang kalsada, naalala ni Ezra kung sino ang Diyos at naalala niya ang kanyang sinabi dati sa hari ng Persia ang tungkol sa Diyos. "Ang kamay ng ating Dios ay sumasa kanilang lahat na humahanap sa kaniya, sa ikabubuti; nguni't ang kaniyang kapangyarihan at ang pagiinit ay laban sa kanilang lahat na nagpapabaya sa kaniya." Kung hihingi ng tulong si Ezra at ilalagay niya ang pag-asa sa hari ng Persia, kanyang iniinsulto ang Diyos. Kaya naman, si Ezra at ang bayan ng Diyos na kasama niya ay umalis at kumatok sa pintuan ng Panginoon sa pananalangin at pagaayuno. Sa parehong paraan sa pagharap sa mga hamon at kaguluhan na may pananalangin at pagaayuno at hindi paghingi ng tulong sa mga tao, ay pagbibigay sa Diyos ng karangalan at ang kaluwalhatian na nararapat sa Kanya.

"23 Sa gayo'y nangagayuno tayo at nagsidalangin sa ating Dios dahil dito: at dininig niya tayo." (Ezra 8:23) Ang pagaayuno ay pagkilos ng pagpapakumbaba sa harapan ng Panginoon. Sa pagaayuno inaalis natin ang pag asa sa pagkain at materyal na mga bagay para sa kalakasan. Sa halip, tayo'y nakadepende sa Banal na Espiritu ng Diyos upang panatilihin tayo. Upang lumuhod sa harapan ng Diyos ay isang kilos ng katapatan paghingi ng tulong o petisyon mula sa Kanya. Dapat tayong lumapit ng may katapangan sa paanan ni Jesus, sa Kanyang Krus, at hinggin sa Kanya ang ating pangangailangan. Dapat tayong manalangin ng walang pagaalinlangan; pagkatok lamang sa Kanyang pintuan at huwag pumunta sa ibang pintuan; maghintay sa Kanya na pagbuksan tayo. Dapat nating ipakita ang katapangan, katapatan, at pagkakapare pareho sa mga gawaing ito habang tayo'y nakaupo kasama ng ating Panginoon. Bawat panahon sa pananalangin ay magkakamit ang tagumpay. Aalisin ng Diyos ang mga banta sa ating mga buhay; aalisin Niya ang takot mula sa ating mga puso at isipan.

Ang mga panganib at tulisan ay nasa paligid natin ngunit sa pananalangin at pagaayuno titiyakin ng Diyos na ililigtas tayo sa kaguluhan. Ang kaaway ay maaring malapit sa atin ngunit sa pamamagitan ng panalangin at pagaayuno hindi nila tayo mahahawakan. Ang ating pasanin ay maiaangat at maabot natin ang ating tadhana ng ligtas. Sa gayon tayo'y magpatotoo gaya ng pagpapatotoo ni Ezra, "31Nang magkagayo'y nagsiyaon tayo mula sa ilog ng Ahava, nang ikalabing dalawang araw ng unang buwan, upang pumaroon sa Jerusalem: at ang kamay ng ating Dios ay sumaatin, at iniligtas niya tayo sa kamay ng kaaway at sa bumabakay sa daan. 32 At tayo ay nagsidating sa Jerusalem, at nagsitahan doon na tatlong araw." (Ezra 8:15-32)

Kaya tayo ay matuto mula sa Banal na Kasulatang ito tungkol sa pananalangin at pagaayuno ng sumusunod;-

A. Ang pananalangin at pagaayuno ay magtutuwid sa atin upang ilagay ang ating pagasa sa Diyos at hindi sa mga hari: Minsan inilalagay natin ang ating pagasa sa ating boss, sa ating mga katrabaho, sa ating asawa, sa namumuno sa atin, sa ating pambansang mga bayani, mayayamang tao, sa ibang panlipunan at kilalang mga tao, ang pamahalaan, mga namamahala at mga hari. Tayo'y humihingi ng tulong at umaasa sa kanila. Habang tayo'y nagtitiwala sa mga anyong na iyon, sa huli sila'y nagiging ating idolo o diosdiosan na pinaglilingkuran natin at binibigyang halaga. Sa ganitong paraan pinagaalab natin ang galit ng Diyos, ganon din wala tayong matatangap ng anumang magagandang bagay mula sa gayong mga anyo.

B. Ang pananalangin at pagaayuno ay nakadirekta sa atin upang ilagay ang ating pag asa sa Diyos at hindi sa mga hukbo at sa mangangabayo. Ang mga hukbo at mangangabayo, sila'y kumakatawan sa kapangyarihan at awtoridad ng mga tao. Maaring ibigay natin ang ating pag asa sa mga nagawa ng mga tao, antas, pagtatatag, salapi, mga kayamanan atbp., at maari nating isipin na ito ay kapaki pakinabang sa atin habang tayo'y humaharap sa mga kaaway. Ayaw ng Diyos na umasa tayo sa materyal na mga bagay o sa kahit anong kapangyarihan kaysa sa Kanya. Ngunit sa halip, nais Niya tayong maging malakas at umasa sa Banal na Espiritu na harapin ang kaguluhan at hamon ng buhay.

Matagumpay na pinanguhan ni Ezra ang mga tao sa pagbalik sa Jerusalem. Pinarangalan niya ang Diyos at iningatan ang lahat ng mga bagay na pinabanal ng Diyos at itinabi ang para sa Diyos at upang magamit ng Panginoon at sa paglilingkod sa Panginoon. Ibinigay at ipinamahagi ni Ezra ang mga responsibilidad sa kanyang mga manggagawa na tinawag upang tumulong sa kanya sa kanyang misyon at gawain gaya ng ating mababasa dito: "24 Nang magkagayo'y inihiwalay ko ang labing dalawa sa mga puno ng mga saserdote, sa makatuwid baga'y si Serebias, si Hasabias, at sangpu sa kanilang mga kapatid na kasama nila. 25 At tinimbang sa kanila ang pilak, at ang ginto, at ang mga sisidlan, sa makatuwid baga'y ang handog sa bahay ng ating Dios, na pinaghandugan ng hari, at ng kaniyang mga kasangguni, at ng kaniyang mga prinsipe, at ng buong Israel na nakaharap doon: 26 Akin ngang tinimbang sa kanilang kamay ay anim na raan at limang pung talentong pilak, at mga pilak na sisidlan ay isang daang talento: sa ginto ay isang daang talento; 27 At dalawang pung mangkok na ginto, na may isang libong dariko; at dalawang sisidlan na pinong makinang na tanso, na halagang gaya ng ginto. 28 At sinabi ko sa kanila, Kayo'y banal sa Panginoon, at ang mga sisidlan ay natatalaga; at ang pilak at ang ginto ay kusang handog sa Panginoon, na Dios ng inyong mga magulang. 29 Magsipagbantay kayo, at ingatan ninyo, hanggang sa inyong matimbang sa harap ng mga puno ng mga saserdote, at ng mga Levita, at ng mga prinsipe ng mga sangbahayan ng mga magulang ng Israel, sa Jerusalem, sa mga silid ng bahay ng Panginoon. 30 Sa gayo'y tinanggap ng mga saserdote at ng mga Levita ang timbang ng pilak at ginto, at ng mga sisidlan, upang dalhin sa Jerusalem, sa bahay ng ating Dios.31 Nang magkagayo'y nagsiyaon tayo mula sa ilog ng Ahava, nang ikalabing dalawang araw ng unang buwan, upang pumaroon sa Jerusalem: at ang kamay ng ating Dios ay sumaatin, at iniligtas niya tayo sa kamay ng kaaway at sa bumabakay sa daan. 32 At tayo ay nagsidating sa Jerusalem, at nagsitahan doon na tatlong araw 33 At nang ikaapat na araw, ang pilak at ang ginto at ang mga sisidlan ay natimbang sa bahay ng ating Dios sa kamay ni Meremoth na anak ni Urias na saserdote (at kasama niya si Eleazar na anak ni Phinees; at kasama nila si Jozabad na anak ni Jesua, at si Noadias na anak ni Binnui, na mga Levita)34 Ang kabuoan sa pamamagitan ng bilang, at ng timbang: at ang buong timbang ay nasulat nang panahong yaon." (Ezra 8:24-34) Tayo bilang simbahan ay kailangang ipamahagi ang gawain at ang responsibilidad sa ating kapatiran at sa mga manggagawa, at gawin silang may pananagutan sa gawaing misyon na ipinagkatiwala sa kanila. "Bukod dito'y kinakailangan sa mga katiwala, na ang bawa't isa ay maging tapat." (1 Corinto 4:2) Lahat kayo bilang manggagawa sa ubasan ng Diyos ay may pananagutan sa Panginoon at sa isa't isa at sa pamumuno ng simbahan na gawin ng eksakto ang mga responsibilidad at ang mga tungkulin na ipinagkatiwala sayo ng Panginoon at ng katawan ni Cristo, ang Kanyang simbahan.

Sa aking mahal at minamahal: Ngayon habang ating pinagninilayan ang mensahe ng Diyos mula sa aklat ni Ezra, maaring harapin mo ang ilang mga kaguluhan at panganib sa iyong buhay kagaya ni Ezra at ng bayan ng Diyos ay naunang humarap sa kanila. Ito rin ay maaring mauna sayo ang mahabang paglalakbay at kailangang mong makamit at abutin ang iyong layunin ng matagumpay. Samakatuwid ang kailangan mong gawin ay sumunod sa huwaran sa Salita ng Panginoon na ibinigay sa atin na nasa Banal na Kasulatan na ating pinagninilayan, ganon din sa pananalangin at pagaayuno ay magbibigay sa atin ng lahat ng mabubuting saloobin upang panatilihin ang ating ministerio at gaya ng sumusunod:

1. Habang tayo'y nasa pananalangin at pagaayuno ating alalahanin ang mga dakilang bagay na ginawa ng Panginoon sa Kanyang bayan, at ang magagandang bagay na nagawa Niya sa atin. Tayo'y mahikayat na ang parehong Panginoon na tumulong sa kanila at tumulong sa atin sa nakaraan ay gagawain din kung ano ang kinakailangan para sa atin ngayon at sa hinaharap habang ating ipinapangako ang ating mga sarili sa Kanya sa pananalangin at pagaayuno.

2. Sa pamamagitan ng pananalangin at pagaayuno dinala ni Ezra ang mga tao pabalik sa Lupang Pangako. Ang mga tao'y dumadaan sa matinding paglalakbay na iniisip nila na magdadala sa kanila ng mas mabuting buhay. Ngunit ating unawain na habang tayo'y nasa pananalangin at pagaayuno na ang paglalakbay lamang upang dalhin tayo pabalik sa Diyos at sa Kanyang magandang plano ay sa pamamagitan ng paglalakbay ng pagsisisi at magpapakumbaba ng ating mga sarili sa harapan ng Panginoon at bumalik sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus Cristo na ating Panginoon.

Sa gayon ating din malaman na sa ating puso na ang tanging matagumpay na paglalakbay sa buhay ay ang paglalakbay na magdadala sa atin pabalik sa Diyos at sa Kanyang tunay na mabuting plano para sa atin.

3. Dinadala natin ang ating kahilingan sa Diyos sa pamamagitan ng pananalangin at pagaayuno. Huwag tayong matukso na ilagay ang ating pagtitiwala sa mga tao o sa anyo ng nga tao upang tulungan tayo at protektahan tayo. Huwag na huwag tayong matukso na hayaan ang ating mga mata na tumingin sa materyal na mga bagay bilang mapagkukunan ng kapangyarihan at tagumpay. Ang Diyos lamang ay may mapagpalang kamay sa lahat ng humahanap sa Kanya, gaya ng sinasabi ng Banal na Kasulatan sa atin, "Sapagka't ako'y nahiyang humingi sa hari ng pulutong ng mga sundalo, at ng mga mangangabayo upang tulungan tayo laban sa mga kaaway sa daan: sapagka't aming sinalita sa hari, na sinasabi, Ang kamay ng ating Dios ay sumasa kanilang lahat na humahanap sa kaniya, sa ikabubuti; nguni't ang kaniyang kapangyarihan at ang pagiinit ay laban sa kanilang lahat na nagpapabaya sa kaniya." (Ezra 8:22)

4. Habang tayo'y nananalangin at nagaayuno ating pinapatotohanan na ang Diyos lamang ang maaring magbigay sa atin ng tagumpay para sa ating paglalakbay sa Makalangit na Jerusalem. Sa gayon, tayo mahiya gaya ni Ezra na nahiya, at tayo'y magpakumbaba at

manahimik gaya ng ginawa ni Ezra. Hindi siya pumunta sa malakas at makapangyarihang mga tao na magbibigay sa kanya ng tulong at katiyakang sa halip siya'y nagtiwala sa mapagpalang kamay ng Diyos sumsa atin at sumasa Kanyang bayan. Si Ezra ay hindi humingi ng tulong at proteksyon mula sa hari ng Persia sapagkat siya ay takot na ibaba ang pangalan ng Panginoong ating Diyos. Si Ezra ay buong nagtiwala sa mapagpalang kamay ng Diyos na sumasakanila sa kanilang paglalakbay.

5. Habang tayo'y nananalangin at nagaayuno tayo'y magpatuloy magbasa, magnilay, at sumunod sa Salita ng Diyos. Si Ezra ay nagtiwala sa Salita ng Diyos at ang kanilang paglalakbay ay naging matagumpay.

6. Tayo'y magtiwala sa Panginoon upang bigyan tayo ng tagumpay habang tayo'y naglalakbay patungo sa buhay na walang hanggan, hanggang si Jesus ay dumating at kunin tayo sa Langit. Tayo'y magtiwala sa Diyos upang tayo'y tustusan at ang mga kasama natin habang tayo'y nasa lupa.

Ang Panginoong ating Diyos ay ipagkakaloob ang lahat ng ating kailangan at tayo'y masiyahan habang tayo'y naglalakbay sa lupa, kung ating nalalaman kung paano pagtantuhin ang ating kailangan sa ating kagustuhan.

7. Habang tayo'y nananalangin at nagaayuno tayo ang manguna at maging una upang maiderikta ang mga tao upang umasa ng lubos sa Diyos, upang hikayatin ang mga nasa paligid natin na iwaksi ang lahat ng kanilang mga diosdiosan kasama ng larawan ng mga tao at mateyal na mga bagay. Atin silang iderikta sa totoo at buhay na Diyos, sa Kanyang Salita at sa Kanyang mga pangako.

8. Maging panatag at purihin ang Diyos mula ngayon na ikaw ay mayroong tagumpay mula sa Kanya. Magtiwala sa Kanya na tinanggap mo lang ang napapanahong mensahe; magtiwala sa Kanya na kaya Niyang ituwid ka at tulungan ka. Tayo ay manalangin.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong napapanahong mensahe na ginawa mong makita ko ang mga bagay sa mas mabuting paraan at sa mabuting plano na mayroon ka para sa akin at sa iyong bayan.

Ating ipagtapat ang ating mga kasalanan sa Panginoon. Ipagtapat sa Panginoon ang iyong katamaran, at kawalan ng pangako. Ipagtapat sa Panginoon ang iyong pagtitiwala sa tao, sa iniidolo at sa materyal na mga bagay. Talikuran ngayon ang lahat ng mga kasalanang ito at ipangakong lubos ang iyong sarili sa Panginoon.

Panginoon inaamin ko at tinatalikuran ang lahat ng mga kasalanang ito at mga diosdiosan sa aking buhay.

Panginoon ako'y nananalangin para sa aking kapatiran na nagsisi at tinalikdan ang kanilang mga kasalanan, Panginoon linisin mo sila, dalisayin mo sila, pabalikin mo sila sayo, pusposin mo sila ng iyong Banal na Espiritu, at panumbalikin mo sila sayo at gamitin mo sila upang maglingkod sayo.

Panginoon ako'y nananalangin para sa kanila na bigyan sila ng mabuting kalusugan at palakasin na magpatuloy at maglingkod sayo. Panginoon ibigay sa kanila ang lahat ng kanilang mga kailangan. Panginoon ibigay mo sa kanila ang ang iyong Salita. Panginoon pusposin mo sila at pangunahan sila ng iyong Banal na Espiritu na magpatuloy at gawin ang iyong gawain. Panginoon protektahan mo sila mula sa masama, ilayo sila sa tukso, at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan.

Panginoon ako'y nananalangin para sa amin bilang simbahan na maging tagagawa ng iyong Salita at tuparin ang mga gawain na iniatang mo sa amin upang gawin para sayo. Panginoon sagutin mo ang aming panalangin at pagaayuno. Panginoon ipagtanggol kami at iligtas kami mula sa masama at manguna ka sa amin at ipaglaban ang aming pakikibaka. Panginoon pusposin mo kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming mga buhay. Panginoon paging dapatin mo kami makapagebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo. Panginoon paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami mula sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com